

Bulutong-tubig (varicella)

Ano ito? Ang bulutong-tubig ay isang nakakahawang sakit na dulot ng isang virus. Magsisimula ang mga palatandaan ng bulutong-tubig 10-21 araw pagkatapos ng pagkakatamad. Ang mga pangunahing palatandaan ay:



Makakating pantal ng mga paltos



Walang ganang kumain



Pagkaramdam ng sobrang pagod



Lagnat

Paano ito kumakalat?



Ang isang taong may bulutong-tubig ay nagsasalita, umuubo, o bumabahing sa harap ng iba.



Nahawakan ng ibang tao ang mga paltos o mga kontaminadong bagay.

Sino ang nanganganib na lubhang magkasakit?



Mga sanggol



Mga tinedyer at matatanda



Mga buntis



Mga taong mahihina ang resistensya

Paano ko maiwasang ikalat ito sa iba?



Hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig



Huwag magbigayan ng pagkain o gumamit ng iisang kubyertos at personal na kagamitan



Panatiliing natatakpan ang mga paltos



Linisin ang mga ibabaw na madalas hawakan



Manatili sa bahay at lumayo sa ibang tao kapag may sakit



Ang pagpapabakuna ang pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang bulutong-tubig.

Nangangailangan ang mga bata, tinedyer, at matatanda ng 2 dosis ng bakuna kung hindi pa sila immune.





Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagpapabakuna kung may sakit ka o kung nalantad ka sa bulutong-tubig. Para matuto nang higit pa, bisitahin ang [kingcounty.gov/cd](https://www.kingcounty.gov/cd).

Pinoprotektahan ng pagbabakuna ang mga tao mula sa bulutong-tubig.



Nangangailangan ang mga bata, tinedyer, at matatanda ng 2 dosis ng bakuna sa bulutong-tubig (varicella) kung hindi pa sila immune. Immune ka na kung ikaw ay nagkabulutong-tubig o nabakunahan na.

Sino ang dapat magpabakuna?

		
Sino ang kailangang magpabakuna?	Mga sanggol at maliliit na bata	Mga bata
Kailan magpapabakuna?	Unang dosis: 12-15 buwan	Ikalawang dosis: 4-6 na taong gulang

Ano ang dapat kong gawin kung hindi immune sa bulutong-tubig ang aking anak o ako?

Kung hindi ka pa nabakunahan o nagka-bulutong-tubig, hindi pa huli ang lahat para makakuha ng proteksyon! Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagpapa-update.

		
Sino ang kailangang magpabakuna?	Mga batang 12 taong gulang pababa	Mga tao na 13 taong gulang pataas
Gaano katagal ako dapat maghintay sa pagitan ng dosis #1 at #2?	3 buwan	4-8 linggo

Sino ang hindi dapat magpabakuna sa bulutong-tubig?



Mga buntis



Mga taong maaaring may allergy



Mga taong mahihina ang resistensya o may malubhang sakit

Gaano kaligtas ang mga bakuna sa bulutong-tubig?

Napakaligtas ng mga ito para sa karamihan ng mga tao. Tulad ng ibang gamot, maaaring magkaroon ng mga side effect ang mga bakuna sa bulutong-tubig. Karaniwang banayad lamang ang mga ito at kusang nawawala. Maaaring kabilang sa mga side effect ang:



Pananakit sa bahagi kung saan itinurok ang bakuna



Banayad na pamamantal



Lagnat



Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagpapabakuna. Bisitahin ang [kingcounty.gov/findaclinic](https://www.kingcounty.gov/findaclinic) para sa mga opsyon sa pagbabakuna malapit sa iyo.